

# PAGTATAYO NG MGA GUSALI SA NORTHERN TERRITORY

**KAILANGAN MO NG PAHINTULOT PARA MAGTAYO O GUMAWA NG  
PAGBABAGO SA MGA GUSALI SA KALAHATAN HALOS NG NT.  
KAILANGAN MO RIN NG PAHINTULOT PARA MAG-OKUPA NG MGA  
GUSALI.**

## **OCCUPANCY CERTIFICATION** (SERTIPIKASYON NG PAG-OKUPA)

Noong ika-1 ng Mayo 2016, binago ng Pamahalaan ng Northern Territory ang *Building Act* (Batas sa Pagtatayo) upang magpasok ng dalawang bagong mapagpipiliang paraan para sa sertipikasyon ng pag-okupa, dagdag pa sa umiiral na Pahintulot sa Pag-okupa.

Sumunod ito sa moratorium ng sertipikasyon ng gusali na sinimulan noong ika-28 ng Abril 2009 at nawalan ng bisa noong ika-30 ng Hunyo 2016.

Ang tatlong lebel ng sertipikasyon ng pag-okupa ay nagpapahintulot sa magkakaibang lebel ng pagsunod sa *Building Act* at mga Regulasyon, upang madagdagan ang pagkalinaw at pagtitiwala sa sistema ng sertipikasyon ng mga gusali, at himukin ang mas mataas na lebel ng pagsunod.

Ang tatlong lebel ng sertipikasyon ng pag-okupa ay ang:

### **Occupancy Permit** (Pahintulot sa Pag-okupa)

Ang kategoryang ito ng sertipikasyon ng pag-okupa ay umiral mula pa noong 1993 at nananatili sa pinakamataas na lebel. Ang isang Pahintulot sa Pag-okupa ay maaaring maisyu ng isang building certifier (tagapagpatunay ng gusali) kung ang proseso ng konstruksiyon at sertipikasyon ay lubusang nasunod.

### **Certificate of Substantial Compliance** (Sertipiko ng Maraming Pagsunod)

Ito ay isang bagong kategorya ng sertipikasyon ng pag-okupa, at maaaring maisyu ng isang building certifier kung ang trabaho ay ginawa sa ilalim ng isang balidong Pahintulot sa Pagtatayo at tumugon sa nauugnay na mga pamantayang teknikal, ngunit may ginawang bahagyang pagbabago sa mga aprubadong plano o sa proseso ng sertipikasyon.

### **Certificate of Existence** (Sertipiko ng Eksistensiya)

Ito ay isang bagong kategorya ng sertipikasyon ng pag-okupa. Ang sertipikasyong ito ay mai-isyu lamang para sa mga itinayong gusali na nakumpleto bago mag-ika-1 ng Mayo 2016 kung ang pagtatayo ay maipapakitang tumugon sa isang makatwirang lebel ng kaligtasan, kalusugan at mga pasilidad na sapat para maokupahan, at iba pang naaangkop na mga pamantayang teknikal. Ang kategoryang ito ng sertipikasyon ay mai-isyu

lamang ng Director of Building Control (Direktor ng Pagkontrol ng Gusali) batay sa rekomendasyon ng isang building certifier.

**Para sa karagdagang impormasyon, kontak ang pangkat ng Building Advisory Services sa 1300 301 059 o bumisita sa [nt.gov.au/building](http://nt.gov.au/building).**

